ARALIN 3 Pagbabago Sa Lipunan Sa Ilalim ng Pamahalaang Kolonyal

Takdang Panahon : 1-5 araw

Day 1
I. Layunin

1. Nasusuri ang pagbabago sa kultura ng mga Pilipino sa panahon ng Espanyol
   - naipaliliwanag ang impluwensiya ng kulturang Espanyol sa kulturang Pilipino
   - natatalakay ang bahaging ginagampanan ng Kristiyanismo sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino
   - nasusuri ang ginawang pag-aangkop ng mga Pilipino sa kulturang ipinakilala ng Espanyol
2. Naipakikita ang mga pagbabago naganap sa ilalim ng kolonyal ng Espanya
3. Napahahalagahan ang mabuting naidulot na pagbabago sa ating lipunan ng kolonyal ng Espanya

II. Paksang Aralin

A. Paksa : Pagbabago sa Lipunan sa Ilalim ng Pamahalaang Kolonyal
1.1 Impluwensiya ng kulturang Espanyol sa kulturang Pilipino
1.2 Bahaging ginagampanan ng Kristiyanismo sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino
1.3 Pag-angkop na ginawa ng mga Pilipino sa kulturang Espanyol

B. Kagamitan : video clip, larawan, metacards, graphic organizer

C. Sanggunian : Learner's Manual sa A.P., pahina
Gabay Pangkurikulum sa A.P. 5, pahina 52
K to 12 - AP5KPK-IIIc-3
Makabayan: Kasaysayang Pilipino 5, pahina 73-82
https://www.youtube.com/watch?v=7gZJOkxPBPw

Pamamaraan

A. Panimula

1.Balik Aral
Ipakita sa pamamagitan ng isang T-chart ang iba't ibang kultura at tradisyon ng mga Pilipino bago at pagkatapos dumating ang mga Espanyol.









Antas ng Katayuan ng mga Pilipino sa Lipunan Bago Dumating ang mga Espanyol at Nang Dumating ang mga Espanyol	
Tradisyunal	**Di-Tradisyunal**

1. Pagganyak

Magkakaroon ng masusing panunuod sa isang video clip na nagpapakita ng mga pagbabagong naganap sa kulturang Pilipino na may impluwensiya ng pagsakop ng mga Espanyol. Maghanda sa isang matalinong talakayan.

Sagutin ang mga tanong base sa napanood sa video:

- Anu-ano ang mga impluwensyang Espanyol ang malinaw na ipinakita sa video sa kultura at tradisyong Pilipino?
- Paano nakatulong o nakasama ang Kristiyanismo sa kultura at tradisyong Pilipino?
- Nakatulong ba o nakasama ang ginawang pag-angkop ng mga Pilipino sa kulturang Espanyol? Bakit?

B. Paglinang

1. Ilahad ang aralin sa pagpapasagot sa mga tanong sa Alamin Mo, LM pahina

2. Pakinggan ang mga sagot ng mga mag-aaral at hayaan silang magpalitan ng mga opinyon base sa kanilang pagkaunawa sa mga pagbabagong napansin sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino nang dumating ang mga Espanyol.

3. Ipabasa ang tekstong nagsasaad ng mga pagbabagong naganap nang dumating ang mga Espanyol at ang mga impluwensiya nito sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino.

Day 2

4. Ipagawa ang mga sumusunod na gawain.
(Maaaring magkaroon ng modipikasyon ang guro depende sa kakayahan ng mga mag-aaral.)

Pangkatang Gawain

Gawain A

Debate

Hatiin sa apat na grupo ang klase. Ang unang dalawang grupo ay magkaroon ng isang debate na tatalakay sa paksang:

PAGDATING NG MGA ESPANYOL: NAKABUTI BA O NAKASAMA?

NAKABUTI

NAKASAMA

Konklusyon:

Base sa ginawang debate ng 2 grupo, anong kaisipan ang nabuo na dulot ng pananakop ng mga Rspanyol sa ating lipunan lalo't higit sa kultura at tradisyon ng ating mga ninuno?
(Malayang pagbibigay kuro-kuro sa pinag-usapang isyu.)

Rubrics sa Pagbibigay ng Marka sa Debate

Kraytirya	Napakahusay	Mahusay	Di-Gaanong Mahusay	Katamtaman	Nangangailangan ng Pagpapabuti
1. Pagpapahayag ng dayalogo	May malinaw na pagpapahayag ng dayalogo	May malinaw na pagpapahayag ng dayalogo , subalit may 1 pagkakamali	Nakapagpahayag ng dayalogo ngunit hindi maliwanag	Tinangkang makapagpahayag ngunit di nagtagumpay	Walang naipahayag na diyalogo
2. Kilos ng Katawan	Nagpakita ng wastong kilos ng katawan hinggil sa paksa ng dayalogo	Nagpamalas ng wastong kilos subalit may 1 – 3 pagakakamali	Nakapagpakita ng kilos ng katawan , subalit may ilang hindi angkop	Nakapagpakita ng ilang kilos ng katawan subait may kalituhan	Walang kilos ng katawang naipamalas
3. Kaangkupan ng dayalogo sa paksa	Angkop at wasto sa paksa ang nilalaman ng dayalogo	Angkop ang ibang bahagi ng dayalogo subalit may ilang hindi angkop sa paksa	Lumahok sa Gawain ngunit di angkop ang dayalogo sa paksa	Pinilit lagyan ng angkop na dayalogo subalit nagging nagtagumpay	Walang kaangkupan ang dayalogo sa paksa

4. Pagsunod sa takdang oras	Nakapagpakita ng dayalogo sa takdang oras	Nakapagpakita ng dayalogo subalit umagpas ng 1 minuto	Nakapagpakita ng dayalogo subalit umagpas ng 2 – 3 minuto	Nakapagpakita ng dayalogo subalit lumagpas ng 4 – 5 minuto	Nakapagpakita ng dayalogo subalit lumagpas sa 5 minuto

Iskala ng Pagmamarka:
5 – 100 – Napakahusay
4 - 90 – Mahusay
3 - 80 – Di gaanong mahusay
2 - 70 - Katamtaman
1 - 60 – Nangangailangan ng pagapapbuti

DAY 3
Gawain B

Simulation

Ang ikatlong grupo ay maghahanda ng isang "simulation" kung saan ay ipapakita kung paano naimpluwesiyahan ng pagdating ng mga Espanyol ang kultura at tradisyon ng mga Pilipino?

Rubriks sa Pagmamarka ng "Simulation"

Kraytirya	Lubhang Kasiya - siya	Kasiya - siya	Di - kasiya - siya	Pagtatangka	Kraytirya
1. Pagkakaisa ng grupo sa Gawain ng pangkat	Nakiisa ang buong pangkat	Nakiisa ang buong pangkat subalit nagkakaroon ng kaunting pagkakagulo	May ilang di nakiisa	Lider lamang ang nagpapahayag at nagbigay ng ideya	1. Pagkakaisa ng grupo sa Gawain ng pangkat
2. Ideya / impormasyong nabuo ng pangkat	Malawak ang impormasyon at ideyang nabuo	Limitado ang nabuong ideya	Iilang ideya lamang ang nabuo	Sa lider lamang nagdepende ang ideya	2. Ideya / impormasyong nabuo ng pangkat
3. Pagapapasunod ng lider at pangkat	Napasunod nang walang hirap at may paggalang sa pinuno at pangkat	Napasunod subalit may nagreklamo sa gawaing ibinigay sa kanya	Sumunod pero di naunawaan ang Gawain	Nakasunod lamang	3. Pagapapasunod ng lider at pangkat
4. Kalidad ng nabuong awtput ng	M,as maganda at malinaw sa	Maganda at malinaw	Nakagawa subalit magulo	Nakagawa lamang	4. Kalidad ng nabuong awtput ng

pangkat	inaasahan				pangkat

Iskala sa Pagmamarka:
Lubhang kasiya – siya 4 – 100
Kasiya - siya 3 - 90
Di kasiya - siya 2 - 80
Pagtatangka 1 - 70

Day 4

Gawain C

Reporting

Gamit ang “graphic organizer” (gamit ang“flowchart”), ilahad sa klase at pag-usapan ang mga pagbabagong naganap sa lipunan sa ilalim ng pamahalaang kolonyal ng Espanyol.

Gawing basehan ang mga tanong sa ibaba upang maipakita ang mga pagbabagong naganap sa lipunan sa ilalim ng koonyal na Espanyol.

- Anu-ano ang mga pagbabagong edukasyon ang naganap sa pagdating ng mga Espanyol sa ating bansa?
- Ibigay ang mga pagbabagong kultura na naganap sa ilalim ng kolonyal ng Esapanya sa bansang PIlipinas sa larangan ng mga sumusunod:
    a) Buhay pampamilya
    b) Katayuan ng mga babae at iba pang papel sa lipunan
    c) Wika at panitikan
    d) Musika at sining
    e) Mga laro at pagdiriwang
    f) Agham

Rubriks sa Pagmamarka n g “Reporting”

Kraytirya	Di - Pangkaraniwa 4	Kahanga – hanga 3	Katanggap – tanggap 2	Pagtatangka 1
1. Pag – unlad ng ideya	Tiyak na malakas ang posisyon , gumugamit ng 4 na katwiran at mga 3 detayeng pang suporta	Maliwanag na posisyon may mga detalye at posisyon ngunit hindi pa napaunlad	Hindi maliwanag ang posisyon maikli ang pagpapaunlad walang suportya kaunti ang datos	Walang maliwanag na posisyon di maunlad na pangangatwiran , walang datos na ginamit
2. Organisasyon	Lohikal , may pagkakasunud – sunod ang mga ideya sa pamamagitan ng	Maayos na talata ngunit hindi perpekto	May ohikal na organisasyon ng ideya pero hindi masyadong napaunlad ang	Walang istruktura ng talata walang panimua at konklusyon di

	mahusay na talata maayos ang transisyon ng mga talata makapaukaw na panimula , malakas na konklusyon batay sa ebidensya		panimula at konklusyon ay hindi napaunlad	maayos na organisasyon ng mga ideya
3. Paggamit ng mga Kakayahan at kagamitan	Gumamit ng mga impormasyon sa lahat ng asignatura upang masuportahan ang posisyon 6 o higit pang kagamitan ang pinagkunan	Nagpakita ng kaalaman gumamit ng apat na pinagkunan	Hindi gaanong gumamit ng kaalaman at mas mababa sa apat ang pinagkunan	Walang ebidensya ng ginamit na kagamitan
4. Pamamahala ng oras	Naisumite sa tamang oras gumamit ng tamang oras may ebidensya na ginagawa itop sa bahay gabi – gabi , disenyo ng mag – aaral ang plano ng pagsuat	Ginamit ang oras sa klase naisumite sa tamang oras	Naisumite dahil sa nabantayan maliit ang oras na ginawa sa bahay	Hindi handa at hindi tapos
5. Mekaniks at paggamit ng wika	Walang mai sa baybay o grammar at pananda may mayamang bokabularyo	Kaunting mali	Mali ang pangungusap	Napakaraming mali
6. Presentasyon	Malinis may mga pahina maayos na materyales na ginamit	malinis	Maliwanag pero hindi makapaukaw pansin	Mahirap basahin

Iskala ng Pagmamarka:
4 – 100 di pangkaraniwan
3 - 90 kahanga – hanga
2 - 80 katanggap tanggap
1 - 70 pagtatangka

Day 5

Isahang Gawain

Magbigay ng isang impluwensiya ng Espanyol sa ating mga mga Pilipino na magpasa-hanggang ngayon ay atin pa ring isinasagawa.Talakayin ito sa isang talata at pangatwiranan.

5.Bigyang- diin ang kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, pahina at talakayin ang sagot.

IV. Pagtataya

Pasagutan ang bahaging Natutuhan Ko sa LM, pahina

V. Takdang Gawain

Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino na may impluwensiya ng mga Espanyol. Idikit ito sa inyong kwaderno.

VI. Pangwakas na Gawain

Magsaliksik ng iba pang tradisyon at kulturang Pilipino n may impluwensya ng kolonyal na Espanyol na hanggang sa ngayon ay nakikita o nagagamit pa sa ating lipunan.